

1

“Tita Lana,” tawag ni Sachi at iniabot sa kanya ang isang bond paper. “Gawa ko po ’yan.” Isa sa mga hilig ng bata ang pagdo-drawing.

Napatigil si Lana pagkakita sa larawang ginawa ng kanyang pamangkin. May matangkad na babae na kahawak-kamay ang isang batang lalaki at isang batang babae. Sa isang tabi ay may dalawa pang malalaking babaeng naka-eyeglasses. May mga benches, puno at halaman sa palibot. Samantalang sa itaas ay may mga ulap kung saan magkatabi ang mga mukha ng isang pares ng lalaki at babae. Bawat isa na iginuhit nito ay may malaking ngiti sa mga labi.

She was touched with gentle emotions.

“Do you know them, Tita?” napapangiti at nagdaop ang mga palad na tanong nito.

“Of course I do, sweetie. I am this lady, at ka-holding hands ko kayo ng Kuya Terence mo. Ito namang mga nakasalamin ay ang Tita Janet mo at si Nanay Celia. Nag-i-stroll tayong lima sa park, hindi ba?”

“That’s right. Sila Mama’t Papa naman ang nasa heaven!” inosenteng bulalalas nito. “They’re watching over us. They are happy, too.”

“True.”

“Maganda po ba ang drawing ko?”

“Maganda. But it’ll be better if you’ll color it.”

“Opo. Ko-color-an ko po.” Pagkakuha sa papel ay excited na nagbalik ito sa center table sa sala. Naroon din ang big brother nito na okupado sa isang puzzle.

Kakaibang ginhawa ang humaplos sa puso ni Lana habang mataman niyang napagmamasdan ang kapayapaan sa anyo ng magkapatid. Ang mga ito ang buhay niya. Para na niyang tunay na mga anak ang mga ito.

It all started a year and two months back. Pumanaw dahil sa isang vehicular accident ang mga magulang ng mga ito. Dead on the spot ang kanyang bayaw. Dalawang araw ang dumaan ay sumuko na rin ang katawan ng kanyang Ate Louise sa ospital.

Bago binawian ng buhay ay nakapag-iwan ng isang kasulatan ang ate niya na sa kanya nito ipinagkakatiwala ang dalawang anak nito sakaling

may masamang mangyari rito. Ngunit tiyak na magiging desidido pa rin siyang kupkupin ang kanyang mga pamangkin kahit pa wala ang dokumentong iyon.

Napakalaking bangungot sa buhay niya nang pagkawala ng kanyang brother-in-law at kapatid. Naging malapit siya sa mga ito, lalo na sa kanyang ate na matanda sa kanya ng five years. Ito ang siyang nagtaguyod sa kanya sa loob ng mahabang panahon mula noong lumubog ang kinalululanang barko ng kanilang ina na ikinasawi nito labing-isang taon na ang nakalilipas. Samantalang hindi pa rin niya alam kung nasaan nang lupalop ang kanilang ama. Toddler pa lang siya nang abandonahin sila ng kanilang ama at sumama sa ibang babae.

Nagpakatatag siya para kina Sachi at Terence. Alam niyang higit kaninuman ay siya dapat ang makapagbigay ng lakas at pag-asa sa mga ito. If not for them, baka nawalan na ng direksyon ang kanyang buhay. Ang mga ito na lang ang natitira niyang malalapit na kamag-anak. Ang pagmamahal niya sa mga ito ang numero unong rason kung bakit patuloy siyang nabuhay.

Nagbuntong-hininga si Lana.

Itinuloy niya ang paglilinis sa paligid hanggang

sa marinig niyang umingit ang gate sa katabing bahay. Dumungaw siya sa bintana sa sala para alamin kung sino ang dumating. Si Nanay Celia, ang pinakamabait niyang kapit-bahay, ang kanyang natanaw. House rental ang ikinabubuhay nito.

Agad siyang lumabas. “Nay!” tawag niya, saka tumakbo palapit dito. Dumaan siya sa pintong nag-uugnay sa kanilang mga bakuran.

“O, hija. Heto, para sa inyo ng mga bata.”

Tinanggap niya ang isang supot ng prutas. “Salamat ho. Ah, siyanga ho pala,” hinugot niya ang cash na nasa bulsa ng kanyang shorts, “eto na ho iyong utang ko sa inyo—”

“Anong utang? Wala akong matandaan na may utang ka sa akin.”

“Nanay Celia, para ho ito sa nagastos ninyo n’ong naospital si Sachi.” Recently lang nang nagkasakit ang mas nakababatang pamangkin niya at kinailangan nitong ma-confine ng ilang araw sa ospital. Kinulang ang pera niya noon at si Nanay Celia ang nagresolba sa problema.

“Ang batang ito. Nasabi ko na sa iyo na kusang tulong ko iyon at hindi mo kailangang ibalik sa akin, hindi ba?”

“Pero, ’Nay, nahiihiya na ho ako sa inyo, eh. Marami na kayong naibigay na pabor sa amin kahit ang totoo ay wala kayong obligasyon na gawin iyon.”

“Bakit ka naman nahiihiya? Para na tayong isang pamilya. At ang isang pamilya ay walang-sawang nagdadamayan nang walang kapalit.” Hinawakan nito ang kanyang kamay. “Itabi mo na lang ang perang ’yan. Mas kailangan ninyo ’yan ng mga pamangkin mo. Alam kong hindi biro sa panahong ito ang magsuporta sa dalawang bata, lalo pa’t nag-iisa ka lang.”

“Eh, Nanay Celia—”

“Lana, huwag kang makulit. Isa pa’t kukurutin na kita sa singit, sige ka.”

“Hindi ho ba talaga kayo magpapapilit?”

“Hindi. Kung matigas ang ulo mo, mas sutil ako.”

“Mukha nga ho.” Nakuha niya nang magbiro.

“Tingnan mo ’to...”

Napangiti na si Lana. “Nanay, salamat ho sa lahat-lahat, ha?”

Bahagyang pinisil nito ang kanyang kamay.

“Kaligayahan ko ang maging nandito parati para sa inyo nina Sachi at Terence, hija.”

“Wow. Drama.”

Napatawa ang matanda. “Dumale na naman ’yang kalokohan mo. Sige na’t kailangan kong mag-toilet.”

“Sige ho.” Hinintay muna niyang makapasok ito sa bahay nito at saka siya bumalik sa sariling bakuran habang isinasauli sa bulsa ang hawak niyang pera.

Bago pa siya makalapit sa doorstep ng bahay ay nahagip ng kanyang paningin ang isang pigurang nakatayo sa labas ng kanyang tarangkahan. Nasa tabi ito ng isang itim na kotse. Kumabog ang kanyang dibdib. Kilala niya iyon!

Maliban sa lalaki ay parang nabura ang lahat sa kanyang paligid. Pero baka panaginip lang iyon. Muntik na niyang natampal ang sarili. Kumurap-kurap siya. Nang hindi ito naglaho sa kinatatayuan nito, saka siya nakumbinsing hindi ito bunga ng ilusyon.

May masarap na pakiramdam na humagod sa kanyang puso habang naaalala niya ang ilang matatamis na bahagi ng nakaraan niya, kasama ito. Eh, bakit naman hindi siya matutuwa kung ito ang

dating kuya-kuyahan at big buddy niya? Besides, may isa siyang hangarin na maisasakatuparan lamang sa presensya nito—ang makilala ito nina Terence at Sachi. Thank God, dumating na ang pagkakataong ito na kay tagal niyang hinintay.

“Kuya Hector!” nakangiti niyang tili. Ngali-ngali pa siyang matisod sa kanyang pagtakbo palapit dito. “Ang tagal mong nawala. Kumusta ka na?” She was expecting an immediate response but she ended up being disappointed. Kunot-noong minasdan lang siya nito mula ulo hanggang paa.

“Who are you?” mukhang seryosong-seryosong usisa nito habang isinasara ang pinto sa tabi ng driver’s seat.

Nagsalikop ang kanyang mga palad. “A-ako ito, si Lana Falcon...”

“Sino’ng niloloko mo?” Gulat na hindi na siya nakapagsalita.

Unti-unting sumilay ang munting ngiti sa mga labi nito. “Ano’ng nangyari sa ’yo?”

“W-what?”

“Ang dating Lana Falcon na kilala ko ay parang hugis-aparador na tinubuan ng malaking siopao sa

uluhan, hindi ba?” anitong sumulyap sa dako ng slim niyang baywang na natatakpan ng tight sando na kanyang suot.

So he was just teasing her. Kiming napahagikgik siya.

Tabatsoy nga si Lana noong araw. Nagsimula lang siyang mabawasan ng timbang dahil sa depresyon at heartache noong mawala na sa kanyang buhay si Hector. Hanggang sa tuluyan niya nang itinuluy-tuloy ang pangangalaga sa kanyang kalusugan. Bilang pagsunod niya iyon sa isa sa mga payo nito sa kanya dati pa na binale-wala lang niya. Dahil sa paglisan nito ay ganap niyang natutuhang pahalagahan ang bawat alaala at wisdom na naibahagi nito sa kanya.

“Ang lakas mo pa ring mang-asar, ah,” aniyang nakangiti.

“Pero hindi talaga kita nakilala agad, Lana. You look great.”

“At ikaw ang unang nag-advise sa akin noon na maging health-conscious na, hindi ba?”

“Yeah. By the way, for your household.” Bahagyang iniangat ang ilang supot ng snacks. “Medyo mabigat. Ako na lang ang magbibitbit.”

“Sus, nag-abala ka pa. But thanks.”

“Not at all.”

Sinamantala ni Lana ang pagkakataon na iyon upang lalo itong mapagmasdan. Sa mahigit walong taon na lumipas at pagkatapos ng lahat ng adversities na pinagdaanan nito, kamangha-manghang hindi man lang nabawasan ang charm nito. In fact, nag-mature pa ang kaguwapuhan nito at bagay na bagay iyon sa lumapad na built nito.

Sampung taon na ang nagdaan nang magkrus ang landas nito at ng kanyang Ate Louise. She was only fifteen years old then and her sister was twenty. Twenty-two naman si Hector. Sa lahat ng nanligaw sa kanyang kapatid ay dito lang siya nagka-instant liking. Dahil siguro mabiro ito, protective at nadama niyang sinsero ang fondness nito sa kanya kahit na mataba siya noon. At dumating ito sa kanilang buhay sa panahong nasasabik siyang magkaroon ng big brother.

Pagkaraan ng ilang linggong courtship ni Hector ay naging magkasintahan ang dalawa. Mas nakita ni Lana kung gaano nito kamahal ang kanyang kapatid. Lalo rin siyang napalapit dito.

Isa siya sa mga naniniwalang sa kasal

mapupunta ang ugnayan ng mga ito. Kaya hindi na siya nasorpresa nang malaman niyang engaged na ang mga ito a year and a half later, mula noong maging mag-steady ang mga ito.

Kinabukasan ng engagement ng mga ito ay dumating sa bansa ang nakatatandang kapatid ni Hector mula sa Sweden. Dati pa naikukuwento sa kanila ng binata ang tungkol sa kuya nito. May naipakita pa ito sa kanila na mga pictures nito, ngunit iyon ang unang pagkakataon na personal nilang nakilala ng ate niya si Oliver Oseña.

Lumipas ang mga araw at linggo hanggang sa sumapit ang twenty-second birthday ng kanyang ate. Ipinagdiwang nila iyon sa isang pamosong beach resort sa Pangasinan kasama ang magkapatid na Oseña at mga close friends ng kanyang kapatid.

Dakong madaling-araw kinabukasan ay ginising si Lana ng nakakatensyong ingay na nagmumula sa harapan ng cottage sa resort kung saan siya naroon. Paglabas niya ay nadatnan niyang inaawat ng ilang tao si Hector sa pagwawala nito. Kitang-kita niya ang indignasyon sa mukha nito. Sa isang tabi ay duguan ang mukha ni Oliver habang humahagulhol ang kanyang Ate Louise. Saka niya nalaman na may lihim na relasyon pala ang kanyang kapatid at ang

nakatatandang lalaki. At nahuli mismo ni Hector ang dalawa sa akto ng intimacy!

Kahit si Lana ay nagalit sa kataksilang iyon. Napaiyak siya para kay Hector. Nahabag siya rito. He was a good man. He did not deserve disrespect and disloyalty. Lalung-lalo na mula sa mga tao na dapat ay numero unong maghangad para sa kaligayahan nito.

Humahangos na sumunod siya kay Hector nang magbalik ito sa cottage nito para kunin ang ilang damit at gamit nito.

“Kuya Hector...” tawag niya rito noon. Parang ibig niyang yakapin ito nang bumaling sa kanya ang paningin nitong binabalot ng negativities.

“Kuya?” Umiling ito. “Hindi na tamang i-address mo pa ako ng ganyan, Lana.”

“Galit ka din ba sa akin?” alanganing tanong niya.

“Hindi ka kasali sa gulong ito. Walang dahilan para magalit ako sa iyo.”

“Kung gan'on, bakit ayaw mo nang magpatawag ng 'kuya' sa akin?”

“Dahil iba na ang magiging kuya mo. May iba na

ang ate mo.” Bahagya itong pumiyok sa sinabi.

“Pero—”

“Huwag matigas ang ulo,” saway nito.

“Patawarin mo na lang sila.”

Bahagyang ngumiti si Hector—ngiti na halatang hindi tagos sa kalooban nito. “Sana nga ganyan lang kasimple ang magpatawad.” He stroked her head. “You take care always, okay?”

“Bakit ganyan ang tono mo? Parang hindi ka na magpapakita sa akin, ah,” puna ni Lana.

Hindi sumagot si Hector. Sa halip ay niyapos siya nito. Minsan pa, minasdan nito ang kanyang mukha at saka dali-daling umalis.

Natagpuan ni Lana ang sariling humahagulhol habang nakatanaw sa paglayo ng binata. Somehow, naunawaan ng kanyang puso na iyon ang klase ng pamamaalam na pangmatagalan. Matinding sakit at takot ang nadarama niya.

Tama ang hinala niya. Hindi na nga niya nakita muli ni anino ni Hector mula nang umagang iyon. Nabigo lang siya sa maraming beses na sumubok siyang muli silang makapag-communicate. Obviously, sinadya nitong umiwas sa kanyang ate

at sa kuya nito, maging sa mga tao na malapit sa dalawa. At ang biglaang pagkaputol ng maganda nilang samahan ay ganap niyang isinisi for a while sa kanilang mga kapatid.

“Alam ko, higit kaninuman ay kasalanan ko ang mga nangyari, Lana,” sabi ng kanyang Ate Louise noong minsang ayaw pa rin niya itong kibuin. “Kung sa una pa lang ay naging totoo na ako sa aking sarili, tiyak na hindi na umabot sa ganito ang lahat. Pinaniwala ko lang pala ang sarili ko na mahal ko si Hector dahil kinailangan ko ang isang tulad niya, kinailangan ko ang pagmamahal niya.”

“So ginamit mo lang siya! Pa’no mo nagawa ’yan, Ate? Naging mabuti siya sa iyo, pati sa akin,” singhal ni Lana.

“Yes, I’ve been blinded by my personal needs. I was so insecure. Na-realize ko lang ang mga pagkakamali ko nang makilala ko si Oliver. Sa loob lang ng sandaling panahon ay napamahal na siya sa akin. Sa kanya ko lang ito naramdaman. Pinilit kong iwasan siya, he did the same. Pero hindi namin nakaya; sobra na naming mahal ang isa’t isa.”

“At itinago ninyo ’yan. Niloko n’yo si Kuya Hector!”

Tuluyang umagos ang luha sa mga pisngi nito.

“Lana, wala kaming intensyon na lalong saktan siya. Pinlano ko talagang makipag-break na sa kanya at paliwanagan siya. Ganoon din si Oliver. Kaso hindi kami nakahanap agad ng tamang tiyempo. Masyadong komplikado ang sitwasyon.”

“Ah, basta. Napaka-unfair ninyo ni Kuya Oliver,” giit niya.

“Kapatid mo ako, Lana. Don’t you want me to be truly happy? Kay Oliver lang ako lubusang magiging masaya.”

Natahimik siya, lalo at sumidhi ang pag-iyak nito.

“Tayong dalawa na lang ang natitira sa pamilya,” sabi pa nito. “Masakit sa akin na hindi mo ako naiintindihan...na malamig ka sa amin ni Oliver. Hindi dapat tayo nagkakaganito.” Bumuntong-hininga ito. “Mali man na nasaktan si Hector, tama pa rin para sa akin na hindi na matutuloy ang aming kasal. Para rin iyon sa kanya. Hindi mo ba naisip kung ano ang magiging buhay niya kung ako pa rin ang mapapangasawa niya? Hindi rin siya magiging masaya. Dahil hindi siya ang mahal ko.”

Unti-unti ay nakuha niya ang punto nito.

Inabot ni Louise ang kanyang kamay. “Hector

is a positive soul, Lana. Magtiwala tayong makaka-recover siya sa mga nangyari. In God's time, the right girl for him will come along. Magiging maligaya uli siya. Habang tayo'y may sarili pa ring buhay. We better move on. With Oliver."

"Totoo bang magpapakasal na kayo?"

Tumango ito. "Magiging brother-in-law mo na siya. Kung bibigyan mo siya ng pagkakataon na katulad ng ibinigay mo kay Hector ay tiyak na mapapalapit ka din sa kanya. Magagawa mo ba iyon kahit para lang muna sa akin?"

Tuluyang lumambot ang kanyang kalooban habang nakamasid sa nakikiusap na mga mata ng kanyang ate. Marami na itong naisakripisyo para sa kanya. Kung mas malaking kaligayahan nito ang ibubunga, bakit niya hindi pipiliting gawin ang lahat?

"Lana?"

"Okay, Ate."

"Talaga? Totoo?"

Natuwa siya sa ngiting puminta sa bibig nito. "Yes, Ate. Sorry na rin, nagpakamaldita ako lately."

"Let's just forget about it, sis."

Hindi nagtagal, ikinasal nang sibil ang dalawa. At mula sa apartment sa Bulacan na tinutuluyan nilang magkapatid ay isinama sila ni Oliver sa bahay nito sa Cavite walong taon na ang nagdaan. Bagaman iba ang personality ni Oliver kay Hector ay mabilis ngang napalapit din dito si Lana. Gaya ng ate niya ay naging supportive ito sa kanya. Hanggang ngayon ay sa bahay na iyon nakatira si Lana kasama sina Terence and Sachi.

Iyong tungkol naman sa katotohanang hindi kailanman minahal ng kanyang kapatid si Hector ay wala siyang planong ipaalam pa sa binata. Para sa kanya ay maiging manatili pa rin iyong lihim.

2

“Ah, Lana...”

“Yes, Kuya Hector?” Nangunot ang noo niya nang bahagyang malukot ang mukha nito. “W-what’s wrong, Kuya?”

“Kuya na naman...” puna nito.

“Bakit, ano’ng masama d’on?”

“Hindi ba’t may usapan tayo n’ong huli tayong nagkausap? Nakalimutan mo na ba ’yon?” untag nito.

“Hinding-hindi ko malilimutan ’yon. Pero seryoso ka ba nang sabihin mong huwag na kitang tatawaging ‘kuya’? In-assume ko kasi na galit at depressed ka lang noon kaya nasabi mo iyon.”

“Lana, I meant it. Marami na’ng nagbago. Unang-una ay hindi ako ang nakatuluyan ng ate mo. Hayaan na nating sa kanya na lang ang privilege na matawag mo ng ‘kuya’.”

“Eh—”

“Believe me, ‘Hector’ will do. Hindi na talaga

ako kumportable sa pagkuya mo sa akin.”

“Okay. Ikaw ang bahala, H-Hector.” Nag-hesitate siya nang kaunti, pero parang mas maganda ang tunog ng pangalan nito kapag tinuran niya nang walang katabing ‘Kuya’.

“Good.” Nagbuntong-hininga ito. Nang sandaling iyon ay naging evident sa mga mata nito ang lungkot. “Sa isang restaurant sa Manila kagabi ay nagkita kami by chance ni Kuya Martin, Lana.” Nag-iba na ang tono nito.

“Si Kuya Martin Ortis?” paniniyak niya. Kaibigan ng kanyang bayaw ang lalaking nabanggit niya. Taga-Maynila ito. Dumalo ito noong funeral ng kanyang Ate Louise at Kuya Oliver. Paminsan-minsan ay dinadalaw pa rin nito sina Sachi at Terence.

Tumango ito. “Sa kanya ko nabalitaan ang nangyari kay Kuya Oliver at sa kapatid mo. Mahigit isang taon na pala ang lumipas...”

Nakikisimpatyang humawak si Lana sa bisig nito at mabining pinisil iyon. Alam niya kung paano niya maa-uplift agad ang spirit nito. “I’m sure naikuwento niya rin sa iyo ang lovable na mga pamangkin natin, Hector,” saad niyang sinadyang pasiglahin ang kanyang tinig. “Halika sa loob. Ipapakilala kita sa

kanila.”

Nanguna siya sa pagpasok sa bahay at nakuha niya agad ang atensyon nina Terence at Sachi sa sala. Inilapag niya sa side table ang kanyang bitbit. Ganoon din ang ginawa ni Hector, saka hindi na inalis ang tingin sa mga bata. Halu-halong emosyon ang rumehistro sa mukha nito.

“Sino po siya, Tita?” usisa ni Terence.

“Hindi ba’t naikukuwento ko sa inyo ang tungkol sa brother ng papa ninyo? May naipakita pa nga ako sa inyo na mga dating pictures niya.” Sinulyapan niya ang bisita. “Siya ang nag-iisang kapatid ng papa ninyo, Terence, Sachi. Siya ang Tito Hector ninyo.”

Hindi nakaimik ang kanilang mga pamangkin. Parang nagtatalo ang isip ng mga ito kung paano pakikiharapan si Hector.

Pagkuwan ay tahimik na kumilos si Hector palapit sa mga bata. Then, he gently gathered them into his arms.

Namintana ang masasayang luha sa mga mata ni Lana. Sadyang malaking bagay sa kanya ang makasama at long last nina Sachi at Terence ang nag-iisang tiyuhin ng mga ito. Naniniwala siyang mabu-boost niyon ang self-worth ng mga bata, lalo’t

hindi malaking angkan ang pinagmulan ng mga ito.

Naa-appreciate din niyang hindi nag-atubili si Hector na magpakita ng affection sa mga ito sa kabila ng mga pangit na nangyari in the past.

“You are the image of your father, Terence. How old are you?”

“I’m seven years old, Tito.”

“Nasa first grade ka na siguro ngayon...”

“Opo. At malapit na po ang summer vacation namin. Excited na nga po ako, eh. Pero ’pag bakasyon na, baka ma-miss ko naman ang school. Di ba gan’on po ’yon?” Lumabas ang pagkabibo nito.

“Sometimes,” napangiting sagot ni Hector, saka bumaling kay Sachi. “Kamukhang-kamukha mo naman si Mama mo. You’re so pretty, little girl. Pumapasok ka na rin ba sa school?”

“Opo. I’m four years old.”

“Pero magpa-five na po si Sachi next month, Tito,” imporma ni Terence.

“Really? I’m sure you’ll have a birthday party, Sachi. Will you invite me?”

“Siyempre po. Brother ka ni Papa, eh. Pero

si Papa, hindi makakapunta, saka si Mama. Kasi nasa heaven na po sila. Pero sabi ni Tita, 'wag tayo masa-sad. Kasi 'pag na-sad tayo, malulungkot din sina Papa. Kapag happy tayo, happy din sila d'on," pabulol na daldal nito.

"That's right."

"Madami kaming pictures nina Mama at Papa, Tito," ani Terence. "Do you want to see them?"

"Oh, sure."

Tinulungan ni Sachi ang kuya nito sa pagkuha ng mga photo albums na nasa mababang divider. Pagkatapos ay binuklat ng mga ito ang mga iyon sa harapan ng binata, kasabay ang halos detalyadong accounts mula sa mga ito. Klarong madaling nagkakahulihan ng loob ang mga ito. Iba pa rin talaga ang magkakadugo.

Payapang nagmasid at nakinig lang si Lana sa isang tabi.

"Hija," untag ni Nanay Celia mula sa labas ng screened front door. Saka ito pumasok sa loob at napatitig kay Hector na nang sandaling iyon ay tumindig para harapin ang matanda. "May bisita pala kayo. Bago mo ba siyang manliligaw, hija? Kaguwapo, ah."

“Ay, hindi po,” nahihiyang sabi ni Lana.

“Alin ang hindi? Hindi mo siya manliligaw o hindi ka naniniwalang guwapo siya?”

“Pareho daw ho,” hirit ni Hector.

Napabungisngis sina Lana at Nanay Celia.

“Si Tito Hector po siya, Nanay.” Nanguna na si Sachi sa pag-introduce sa lalaki. “Brother po siya ni Papa.”

“Talaga? Ikaw pala si Hector Oseña, Hijo. Pasensya ka na’t napagkamalan kitang suitor ni Lana. Nanay Celia na rin ang itawag mo sa akin. Sa katabing bahay lang ako nakatira.”

“Magandang araw ho sa inyo.”

“Siya ang nag-aalaga kina Sachi at Terence ’pag busy ako, Hector,” sabi ni Lana. Bagong Human Resource Officer siya sa isang garments company. “Sobrang attentive niya sa mga bata.”

“Hindi naman kasi ako career woman. Karaniwan ay nasa bahay lang ako at nag-iisa–widow na ako, Hector. May isa akong anak, si Janet, na best friend ni Lana. Kaso nasa galaan siya ngayon kaya sa ibang pagkakataon mo na lang siya mami-meet.”

“Hindi ho ba kayo nahihirapan sa pag-aasikaso kina Sachi at Terence?”

“Malalaking bata na sila bukod sa likas na mababait, kaya hindi ako hirap, hijo. Isa pa, malakas pa naman ako. Gusto ko pa ngang magpasalamat na nabibigyan pa rin ako ng pagkakataon na alagaan ang mga pamangkin ninyo. Mas gusto ko ito kaysa kumuha pa kayo ng yaya. Sa simula pa lang ay talagang napamahal na sa akin ang mga batang ’yan, eh. Para ko na silang tunay kong mga apo. Teka, nakapag-merienda na ba kayong apat?”

“Ah, hindi pa ho, ’Nay,” sagot ni Lana. “Sabay-sabay na tayo. Maghahain na ho ako.”

Tahimik na nakamasid si Hector sa lapida ng kanyang Kuya Oliver na katabi ang lapida ni Louise. Mabigat pa rin sa kanyang loob na sa ganitong paraan na lang sila magkakaharap-harap na tatlo pagkalipas nang mahigit walong taon.

Minsan pa ay nagbuntong-hininga siya.

Nagbabalik sa isip niya na pagkatapos ng nangyaring eskandalo sa isang resort sa Pangasinan kinabukasan ng twenty-second birthday ni Louise ay puno ng negativities ang dibdib na itinago niya

ang sarili. Umuwi siya kinabukasan sa bahay niya sa Maynila at nadatnan niyang naghihintay sa kanyang roon ang kanyang kuya. Humingi ito ng tawad at tinangkang magpaliwanag pero galit pa rin ang ipinakita niya rito. Sinumbatan niya ito at ganap na itinaboy sa kanyang buhay.

Mula nang araw na iyon ay hindi na sila nagkita o nakapag-usap pa na magkapatid. Naging malaking factor ang pagtungo niya sa Australia bago natapos ang taon na iyon. Pakiramdam niya noon, malabong maka-recover siya mula sa mga pangit na nangyari kung anytime ay maaari niyang makita ito at si Louise o hindi siya iiwas sa mga lugar at bagay na makakapag-remind sa kanya tungkol sa mga ito.

Masyado niyang dinibdib ang naunsiyaming mga plano niya para sa kanila ni Louise. She was his first love. Tapos ay mismong kuya pa niya ang umagaw rito. Sa madilim na bahaging iyon ng kanyang buhay ay wala man lang siyang ibang malapit na kadugong natakbuhan. Ang Kuya Oliver na lang niya ang nalalabi niyang close na kamag-anak. Nineteen siya noong pumanaw ang kanyang Lola Greta na kumupkop at nagpalaki sa kanilang magkapatid.

Yet he had been able to get by. Isinubsob niya

ang kanyang sarili sa trabaho abroad at nandiyan din ang mga babaeng tanggap siya kahit na ayaw niya ng commitment. Sa ganoong paraan niya in-evade ang matinding depresyon.

Mula sa unang employment niya sa Brisbane, Queensland ay naging mas dedicated siya sa nakuha niyang better post sa isang malaking chemical company sa Melbourne, Victoria. Ilang beses siyang na-promote, until he took over the managerial position. Nagkaroon din siya ng sideline sa farming kasama ang ilang Pinoy roon. He became a self-made man. Buhat noon ay mas dumami ang mga babaeng nasa paligid niya.

Pero katulad ng iba, na-bore siya eventually sa kanyang pagiging binata. Kaso, paano siya magiging family man kung hindi pa niya nakikita ang babaeng para sa kanya?

Wala siyang plano na magbalik pa sa bansa pero dahil sa ilang frustrations niya abroad at wala na siyang makitang mabigat na rason para mag-stay pa roon, ay nagbago ang kanyang isip. Na-realize niyang iba pa rin ang Pilipinas. Mas gusto pa rin niya ang buhay rito. Higit sa lahat, alam niyang wala na siyang dapat takasan. Napaghilom na ng panahon ang malalim na sugat sa kanyang puso. Napatawad

niya na at kaya niya nang harapin ang mga tao na nagkasala sa kanya sakaling makita niya uli ang mga ito. Lalo na ang kanyang Kuya Oliver. The fact that he was his brother just prevailed over anything else.

Ngunit hindi na pala niya ito maaabutang buhay, maging si Louise. Ang numero unong konsolasyon na lang niya ay ang mga batang naiwan ng mga ito. May magang na kamay na pumatong sa kanyang balikat–kay Lana iyon.

May humaplos na namang kakaibang galak sa kanyang puso habang minamasdan ang magandang mukha nito. Kanina pa siya nagkakagayon, mula nang unang nakita niya ito sa loob ng bakuran nito. Pero sa tingin niya ay natural lang iyon. Old friend niya ito, sa kabila ng kanilang age difference. In fact, isa ito sa ilang tao na na-miss niya habang nasa malayo siya.

3

Sobrang naa-appreciate ni Lana na sa unang pagkakataon ay kasama niya si Hector sa harap ng mga puntod ng kanyang ate at ng kapatid nito. Saan man naroon ngayon ang dalawa ay nakasisiguro siyang ikinatutuwa iyon ng mga ito.

“Malaking bagay sa akin na wala na akong makita ni katiting na bitterness sa iyo, Hector. Pero talaga bang lahat ng resentment sa puso mo ay napalaya mo na?” untag niya.

“Naitapon ko na lahat, Lana.”

“Alam mo, para sa akin ay hindi na mahalaga na hindi kayo nakapag-reconcile nang harapan nina Ate at Kuya Oliver. Ang importante ay napatawad mo na sila. Iyan kasi ang isa sa mga hiling nila parati dati. Hindi ka nila kinalimutan, kahit na iyon ang gusto mong mangyari n’ong huling nagkausap kayong magkapatid. Yet, nirespeto nila ang kagustuhan mong huwag kang lalapitan. Tinanggap nilang lalo lang mahihirapan ang loob mo kung magpapakita sila sa iyo. Anyway, tiyak naman daw na kusa mo silang haharapin kapag handa ka na.” Nagbuntong-hininga siya. “When they passed away, sinubukan

kong hanapin ka para kahit sa huling pagkakataon ay makita mo sila. Pero nabigo akong maiparating sa 'yo ang masamang balita.”

“Matagal na akong nakalipat noon sa ibang kompanya at residence sa Melbourne from Queensland.”

“Talaga? Kailan ka nagbalik-bayan?”

“Just last week.”

“Gaano naman katagal ang bakasyon mo dito sa 'Pinas? Kailan mo planong bumalik sa Australia?” Iisipin pa lang niya na muli itong lalayo ay nalulungkot na siya. Paano, nag-uumpisa pa lang siya na i-enjoy muli ang warm company nito. Higit pa roon ang hangarin niya na ganap itong mapalapit kina Sachi at Terence. Malabo yatang mangyari iyon kung nasa ibang kontinente na ito.

“Kung mapapadpad uli ako doon, bakasyon na lang, Lana. I'm back here for good.”

“Really?” napahalukip na paniniyak niya. Nang tumango ito ay niyakap ng malaking galak ang kanyang kalooban. “That's such good news. Saan ka tumutuloy ngayon? Sa nabakanteng bahay mo ba sa Manila?” Ilang beses siyang nakapunta roon dati. Namana nito ang house and lot na iyon mula sa lola

nitong namayapa na.

“Yeah.”

“Magnenegosyo ka na rin siguro dito.”

“Naghahanap pa ako ng location.”

“Para sa...?”

“I’ll focus on farming,” sagot nito.

“Oh, good luck,” nasisiyahang aniya.

“Thanks.”

“Eh, mag-isa ka lang bang nagbalik-bayan?”
Bumagal muli ang kanyang pananalita. Ang totoo, nahihiya siyang derechahin ang tanong.

Saglit itong natigilan. “Kailangan ba may kasama ako?”

“Alangan namang iwan mo abroad ang wife mo, ’no.” There, nasabi niya rin.

“May asawa ba ako?” tudyo pa nito.

“Bakit, divorced ka na?”

Natawa si Hector. “Divorced ka diyan. I’ve never been married. Umayos ka nga.”

“Talaga lang, ha?” Kunwa ay ayaw pa niyang

maniwala. Pero sa loob-loob niya ay isang good news ang kaalamang iyon.

“It’s true. I’m unattached, katulad mo.”

“Pa’no mo nalaman na wala akong jowa?”
Tinaasan niya ito ng kilay.

“Napagkamalan kasi ako kanina ni Nanay Celia na suitor mo, hindi ba? Hindi niya iisipin ’yon kung may kilala siyang boyfriend o better half mo.”

“Okay lang sa akin kahit wala akong love life, Hector. Ang pinakaimportante sa ’kin ay sina Sachi at Terence. Anyway, hopeful ako na wala kang planong i-bully ako para maagaw sa akin ang custody ko sa kanila.” Nasa tono niya ang pagbibiro.

Ngunit seryoso ang binata nang sumagot. “Hindi ako bumalik para guluhin ang mga buhay ninyo. At wala akong karapatang ilayo sila sa iyo. But you won’t deprive me of the full chance to be one good uncle to them, right?”

“Hector, hinding-hindi ako magiging hadlang para mapalapit ka sa mga pamangkin natin. Masaya nga ako na at last ay na-meet ka na nila. Para sa akin, right nila ito. And yours, too. Isa ito sa mga goals ko—ang mas maraming magmahal sa kanila para lumaki silang masasayang tao kahit pa mga

ulila na sila.”

“So you’ll understand if I am only too willing to help you support them.”

Dahil sa pagkabigla ay hindi siya nakahuma; napamaang lang siya rito.

“Alamkong dahil samaagang pagkamatay ni Kuya Oliver ay hindi nito na-secure ang komportableng future nina Sachi at Terence, Lana, kaya ikaw na ang sumagot sa lahat ng pangangailangan ng mga bata magmula n’ong maulila sila.”

“Si Nanay Celia ba ang nagsabi niyan sa iyo?”

“Nabanggit niya kanina, pero kay Kuya Martin ko unang nalaman ang tungkol dito. Bago raw nangyari ang aksidente ay nag-collapse na ang business ni Kuya at iyong bahay na lang na tinutuluyan ninyo ang property na naiwan nito at ng ate mo.”

Nagbuntong-hininga si Lana. “Kaya kong mag-attest na naging responsableng family man ang kapatid mo. Na ginawa niya ang lahat para mabigyan ang pamilya niya ng mas maginhawang buhay. Kaso, hindi siya sinuwerte n’ong huli.”

“At ikaw na nga ang tuluyang nag-shoulder sa mga responsibilidad na naiwan nilang mag-asawa

samantalang tiyak na masyado ka ring nalungkot at nasaktan sa pagkawala nila. Sana ay nandito na ako noon para nadamayang kita sa lahat.” Bahagyang lumungkot ang mukha nito.

Inabot niya ang kamay nito at mabilis na pinisil. “Huwag mo nang intindihin ’yan. Naka-recover naman na ako kahit paano.”

“But I really want to help, Lana. I do not mean anything bad. Hindi ko kinukuwestyon ang mabubuti mong intensyon kina Sachi at Terence. Sa katunayan ay hanga ako sa iyo na nandiyan ka pa rin para sa kanila. Pero ngayong nandito na ako, gusto kong may magawa rin ako para sa mga bata. Let me do my share. Tulad mo, sila na rin lang ang natitira kong malalapit na kamag-anak.”

Kimi siyang ngumiti. “Hindi ko iniisip na iniinsulto mo ang kakayahan kong mabigyan sila ng magandang buhay, Hector. Hindi ganoon ang pagkakakilala ko sa iyo. I get your point.”

Walang puwang sa katauhan ni Lana ang mataas na pride kung kapakanan nina Sachi at Terence ang isyu. Aminado siya na hindi talaga siya stable financially at malayo pang mangyari iyon. Oo at nakaka-survive naman silang magtitiya sa araw-araw, pero alam niyang higit pa roon ang karapat-

dapat para sa mga ito. Banggitin pang nagtitiwala siyang malinis ang hangarin ng binata. In the first place, he was the uncle of the kids.

“Thanks for that, Lana.”

Habang naghahanda ng dinner si Lana ay magkakasama sa sala ang magtitiyo. Sobrang accommodating ni Hector kina Sachi at Terence. Parang effortless ang pag-reach out nito sa kanilang mga pamangkin.

Hindi niya ikinasosorpresya iyon. Dati pa ay alam niya nang fond ito sa mga bata by nature. Noong sa Bulacan pa siya nakatira at magkasintahan pa ito at ang kanyang ate ay maraming bata sa kapitbahay nila na talagang naging malapit dito. Kung doon nga sa mga hindi nito kadugo ay delighted ito, eh, di lalo na sa mismong mga pamangkin nito.

Handa na ang hapunan nang dumating ang best friend niyang si Janet. Supervisor ito sa isang supermarket.

“Hi. You must be Hector,” warm na sabi nito habang nakatingin sa binata. “Kauuwi ko lang at nabanggit sa akin ni Nanay na narito ang uncle nina Terence at Sachi. Ako ang unica hija ni Nanay Celia.

I'm Janet.”

“Ikaw pala si Janet. Nice to meet you.”

“Nice to meet you, too, Hector.” Nagkamay ang dalawa.

“Tamang-tama ang dating mo, Janet,” ani Lana. “Dito ka na rin maghapunan.”

“Sure.”

“Si Nanay Celia?”

“Pasunod na siya rito. May kausap lang sa phone.”

Pinangunahan ni Janet ang paghahain sa dining table. Pagkasipot ng ina nito ay sabay-sabay na silang dumulog sa mesa.

“Sabi ko na nga ba,” turan ni Hector sa sandaling matikman na ang niluto niyang fish cardillo at pinakbet, “wala pa ring kupas ang expertise mo sa kusina, Lana.”

Flattered siya. “Dahil nandiyan si Nanay Celia. We cook together often.”

“Ito lang namang si Janet ang walang kaamor-amor sa kusina, eh,” ani Nanay Celia. “Siya pa man din itong malapit nang ikasal. Hay, napakamalas ng

mamanugangin ko.” Napailing-iling pa ito.

Napatawa sila.

“Nay, marunong din naman akong magluto, ah.”

“Fried egg saka toasted bread,” sabad ni Terence. “Minsan sunog pa.”

Lalong natawa ang lahat.

Nagpatuloy ang masaya nilang hapunan. Sa kadaldalan ay numero uno si Janet. Para itong imbestigador sa dami ng itinanong nito kay Hector. Ni-welcome naman ng binata ang bawat inquiry nito.

Pagkatapos nilang mag-dinner, lagpas isang oras pang nanatili si Hector bago ito nagpasyang magpaalam na. Inihatid niya ito hanggang sa labas ng gate.

“Thanks for the great dinner, ha? At sa mga oras na pumayag kang maistorbo kita,” anito.

“Sus, wala ’yon. Day off ko naman, eh.”

“Sa uulitin...”

“No problem.”

Humawak si Hector sa kanyang bisig. “It’s really good to see you again, Lana.”

“Siyempre naman. Espesyal akong tao, ’no!”
biro niya.

Napahagikgik ito. “Ang angas mo pa rin, hija.”

Mas malakas ang naging tawa niya.

God, it felt damned good and right to laugh with him again. Bagaman matagal silang nagkalayo at nawalan ng komunikasyon ay lalo niyang nadama sa paglipas ng bawat sandali na kahit paano ay naroon pa rin ang kanilang bond of friendship.

“Pero seriously, natutuwa rin akong nandiyan ka na, Hector. Mayroon na uling magto-tolerate sa kapraningan ko paminsan-minsan besides Nanay Celia and Janet.”

“What a task!”

Natawa siya muli. “Alam kong gusto mo na ring magpahinga, Hector. Sige na, sibad na.”

“Okay. Good night, Lana.”

“Good night.”

Hindi siya umalis sa kanyang puwesto habang pasakay ito sa kotse nito. Minsan pa ay bumaling ito

sa kanya bago ito tuluyang makalayo. She smilingly waved at him. Kumaway rin ito pabalik sa kanya.

Hindi niya na abot-tanaw ang sasakyan nito nang kumilos siya papasok sa kanyang bakuran.

Ginulat siya ng presensya ni Janet sa isang sulok. Kakaiba ang aliwalas sa mukha nito habang nakamasid sa kanya.

“May problema na ’ata sa pag-iisip ang best friend ko. Pangiti-ngiting mag-isa, eh,” aniya.

“Excited lang ang lolah mo.”

“Saan?”

“Para sa iyo at doon sa poging Tito Hector.”

“Ano na naman ang tinutumbok mo?” Itinaas niya ang isang kilay para magtaray-tarayan kuno.

“Bagay kayo, promise.”

Halos tumirik ang kanyang mga mata. “Luka-loka...”

“Totoo. Masarap kayong tingnan na magkasama. Magkasundung-magkasundo kayo at—”

“Janet, he’s an old friend, alam mo ’yan. Sa kabila ng lahat, maganda ang pinagsamahan namin

at wala kaming napag-awayan o anumang bad memories sa isa't isa. Kaya hindi ka na dapat masurprise na komportable pa kami hanggang ngayon sa company ng isa't isa.”

“Pero may naikuwento ka pa sa akin dati na tandang-tanda ko pa.”

“Alin 'yon?”

“Na naging extra special din sa iyo noon si Hector Oseña; you fell in love with your sister's ex-boyfriend,” nanunuksong anito.

Waring natulirong luminga-linga siya sa palibot.

Lumapad ang ngiti nito. “Don't worry. Tayo lang ang nandito.”

“Ikaw talaga...”

“Pero totoo naman na nagkagusto ka sa kanya, ah.”

Hindi na siya nakipagtalo kay Janet dahil totoo nga ang sinabi nito.

Kuya-kuyahan at kaibigan lang ang turing niya noong una kay Hector. Ngunit sa paglipas ng panahon ay unti-unti siyang nalito sa damdamin niya para sa binata, lalo na nang malaman niyang

engaged na ito at ang kanyang Ate Louise. Paano, hindi niya maiwasang makadama ng sakit at ma-depress, at parang naging overly dependent na siya sa presensya nito. Natuto na siyang maghangad ng mga bagay na higit pa sa kanilang samahan.

Hanggang sa mangyari nga ang eskandalo. Parang bulang naglaho na ito sa kanyang buhay. Saka niya na-realize na talagang napamahal na ito sa kanya. Kung hindi ito lumisan, malamang na mas tumindi pa ang pagtingin niya rito at higit pa siyang nagdusa.

“Hala ka. Baka love mo pa siya, best friend.”

“Janet!” Parang nahindik siya sa narinig. “Mahabang panahon na ang nagdaan. Wala na ’yon. Tapos na ’yon.”

“First love never dies, sis! Alam mo, okay lang naman na maging hopeful ka. Nanggaling sa kanya na unattached din siya ngayon, di ba? Kaya walang magiging hadlang para makita ka na rin niya in a different light.”

Ipinilig ni Lana ang kanyang ulo. “Janet, please drop it.”

“There you go again. Tuluyan na ’atang nabura sa bokabularyo mo ang love life. Kita mo nga,

matagal mo nang hindi nae-experience ang makipag-date. Kapag naman may nagtangkang lumigaw sa iyo ay binabasted mo kaagad. Samantalang n'ong buhay pa ang Ate Louise at Kuya Oliver mo ay halos masabunutan na kita sa sobrang pagka-atat mong magka-boyfriend. Hindi ba't sandamakmak na blind dates o pakikipag-eyeball pa ang pinatulan mo noon para lang mahanap mo ang Prince Charming mo? Sa ganoong paraan mo nga na-meet ang first and last boyfriend mo, si Arthur.”

“Pero hindi naman kami nakaiwas sa break-up.”

“Nagsawa ka na, gan'on?”

“Janet, iba ang sitwasyon n'ong nandito pa sina Ate Louise at Kuya Oliver. I was simply like a carefree spirit—almost a selfish idealist. Isang dalagang ang numero unong pangarap ay maikasal at magkaanak. Kahit ang trabaho ko ay hindi ko gaanong sineseryoso noon. Pero mula n'ong mawala na sila, nagbago ang maraming bagay. Kabilang sa mga 'yon ang priorities ko.”

“Hindi ko sinasabi na isantabi mo ang obligasyon mo sa mga bata, Lana. Gusto ko lang na makita mo ulit na babae ka—dalaga. Na mayr'on ka pa ring sariling buhay at kailangan mo ng partner,” mahabang paliwanag nito.

“Saka na ’yon. Masyado ka nang nagiging worry-wart pagdating sa akin, samantalang malayo pa naman ako sa pagiging old maid.”

“Saka na, eh, mahigit isang taon ka na ngang walang boyfriend at tutol ka pa rin na i-consider iyon hanggang ngayon! Malala na ’yan. Anytime soon ay baka maging decided ka nang ganyan ka na lang forever—isang single parent at talikuran mo ang mas magandang buhay. Di ba’t may kilala tayong mga babaeng naging sobrang busy sa maraming bagay, except for love life? Before they knew it, nahuli na pala sila sa biyahe at wala na si Mr. Right. Ayokong maging katulad ka nila.” Nagbuntong-hininga ito. “Alam mong ilang buwan na lang ay magbabalik-bayan na si Paeng.” Fiancé nito ang naturang lalaki na kasalukuyang nagtatrabaho sa Japan. “Soon. pagkauwi niya ay ikakasal na kami at sa Davao na kami titira. Si Nanay naman, hindi ko titigilan hangga’t hindi ko nakukumbinsing sumama sa amin. Gusto ko, bago ako—kami umalis ay mayroon ka nang significant other na mag-aalaga at magmamahal sa iyo, pati kina Terence at Sachi. ’Yon ang pangarap ko para sa iyo at sa mga bata.”

Sa kabila ng mga nadinig niya ay wala pa ring interes si Lana sa paghahanap ng love life. Sa ngayon ay sapat sa kanya ang maging tita, kaibigan

at employee lang. Natutuhan niya nang i-appreciate ang ganoong buhay. Bahala na ang kapalaran kung magbabago pa ang kanyang isip kailanman sa hinaharap. “Pag naikasal ka na, I’ll be all happy for you, Janet. Don’t worry about us. We’ll be fine.”

Napailing na lang ito. “Sutil ka talaga, best friend. Pero basta, natutuwa ako para sa iyo sa paglitaw ni Hector, lalo’t for good na daw ang pagbabalik-bayan niya. Magbe-benefit din ang mga pamangkin ninyo. Nakita ko kanina ang sincere fondness niya para sa mga bata. Malinaw na nagpakita siya sa inyo dahil desidido siyang balik-balikan kayo rito. Otherwise, dapat ay hindi na siya nag-abala na magpunta pa, hindi ba? Anyway, may sarili siyang buhay.”

“Ang welfare ng mga bata ang numero unong pakay niya, Janet. In fact, na-discuss na namin kanina ang tungkol sa mga expenses ng mga ito. Hindi ko inungkat iyon, nagkusa si Hector. He’s so decided to help financially.”

“Really? Cool!” anito. Bumalik ang nanunukso nitong ngiti. “Hay, malakas talaga ang feeling kong siya ang magiging Mr. Right mo, best friend.”

“Mr. Right ka diyan!”

“Uy, you’re blushing.” Humagalpak ito ng tawa.

“Hindi, ah!”

Buo ang pag-iwas ni Lana na i-entertain ang bawat pilyong ideya ng kanyang best friend kahit pa totoong napag-iinit nito ang kanyang mukha. Hindi na dapat maulit ang dati na naghangas ang puso niyang mahalín si Hector at siya ay nasaktan.

Ang mahalaga lang ngayon ay nagsisimula na sila ulit na i-revive ang kanilang pagkakaibigan at ang nag-uumpisang attachment nito sa kanilang mga pamangkin.

“Ay, naku. Itulog mo na lang ’yan, Janet. Paggising mo kinabukasan ay malilimutan mo rin ang kabaliwang ’yan,” kunwa’y siya rito.

“Hindi rin. Pero kailangan ko na ngang umuwi, best friend.”

“Sige. Kita-kits na lang bukas.”

4

Pabalik na si Lana sa kanyang opisina nang mag-ring ang kanyang cellphone. Lumukso yata ang kanyang puso sa tuwa pagkabatid kung sino ang tumatawag. Parang lalong umaliwalas ang kanyang araw.

“O, Hector, napatawag ka,” bati niya sa kabilang linya.

“Hi, Lana. Nag-snack ka na?”

“Oo, katatapos lang. Ikaw?”

“Katatapos lang din namin.”

“Namin?”

“Yup, namin ng mga bata. 'Andito ako sa bahay ninyo. Kakahatid lang dito kay Terence ng school bus nang dumating ako kanina. Heto sila, nanonood ng cartoons. By the way, okay lang ba kung sunduin ka namin diyan after your working hours?”

Dahil sa excitement ay agad siyang napatugon ng, “Okay.”

“Sa labas na din tayo mag-dinner.” Pumayag uli siya.

Pagkaraan ay narinig niya ang boses ng kanyang mga pamangkin na nagsasabi sa binata na gusto siyang makausap ng mga ito.

“Oh, wait, Lana. The kids want to talk to you.”

Sansaglit lang ang dumaaan at kausap niya na si Sachi. Masayang nagkuwento ang bata tungkol sa mga bagong manyika na pasalubong dito ni Hector. Nabanggit din nito ang masasarap na meriendang kinain nito, na bitbit din daw ni Hector nang dumating doon.

Nang maipasa kay Terence ang cellphone ay pulos glad accounts din ang kanyang nadinig. Pero higit na bakas ang pride nito sa mga natanggap na toy vehicles mula sa uncle nito. Hilig talaga kasi nito ang ganoong mga laruan.

Deep down inside her, abut-abot ang pasasalamat niya sa binata.

“Mukhang candidate ka para maging overindulgent na tito, Hector,” aniya nang ang binata na uli ang nasa kabilang linya.

“Di naman.”

“Just kidding.”

“I know you’re getting down to work again.”

Hindi na kita iistorbohin pa, Lana.”

“All right. See you later, Hector.”

“Bye.”

Naging mas ganadong magtrabaho si Lana sa sumunod na mga sandali. Ang dalas din ng pagsulyap niya sa orasan, anticipating the end of her working hours.

Nagmamadaling lumabas ng gusali si Lana. Kaagad niyang natanaw si Hector na nakahilig sa kotse nito.

Nakangiting kumaway ito sa kanya nang magtama ang kanilang paningin.

Mas lumalaki ang excitement sa dibdib na lumapit siya rito. “Hello, guy in pink,” bati niyang sinulyapan ang shirt na suot nito.

Hector chuckled. “Bagay ba?”

“Oo naman. Real men wear pink, right?”

“Absolutely.”

“Tita!” palahaw ng mga bata na magkatabi sa back seat.

“Punta po muna tayo sa plaza,” yakag ng bunso.

“Payag naman po si Tito, Tita,” segunda ni Terence.

“Okay.”

Ibinukas ni Hector ang pinto sa tabi ng passenger seat para sa kanya. Mayamaya ay naokupa na rin nito ang driver’s seat, saka may iniabot sa kanya na dalawang libro: cooking at inspirational book.

“Naalala kita nang makita ko ang mga ’yan sa bookstore. Sana magustuhan mo.”

“Ay, sigurado. Thanks, Hector.” Pinausad ng binata ang sasakyan.

Habang nasa biyahe sila ay halos walang-tigil ang mga tanong at kuwento ng kanilang mga pamangkin. Kay dalas na tumawa ng binata dahil doon. Hanggang sa marating nila ang plaza.

Marami-raming tao ang nadatnan nilang nag-i-stroll doon.

Naupo sina Hector at Lana sa isang bench habang naglalaro sa malapit sina Terence at Sachi.

“Beautiful kids,” sabi ni Hector na pinanonood ang dalawa. “Beautiful, happy kids.”

“Pero hindi ka ba nakukulitan sa kanila kung minsan?” tanong niyang nakamasid dito.

“Hindi problema sa akin ang kakulitan nila, Lana. Okay lang ’yon.”

“Teka, ang paghahanap mo ng farm, kumusta na?”

“Oh, I’ve already found the ideal one. Nabanggit ko ang tungkol diyan kay Kuya Martin nang magkausap uli kami kagabi. May pinsan pala siya, si Tonton Acosta, na may ipinagbibiling farm sa kabilang bayan dahil magma-migrate na sa States ang buong pamilya nito. Nailibot na nila ako doon kaninang umaga.”

“Ay, alam ko ang lugar na ’yon, Hector. Pero unaware ako na ipinabebenta na. Minsan na akong nakapasok doon, n’ong minsang isinama ako nina Kuya Oliver at Kuya Martin. Kaya lang matagal na ’yon.”

“Kapag ayos na ang lahat ay makakapasyal na kayo doon anytime nina Sachi at Terence.”

Lalo pang nasiyahan na nagdaop ang kanyang mga palad. Kay sarap isiping magkakaroon ito ng property na masasabi niyang hindi malayo sa kanila ng mga bata. “Basta, kung kakailanganin mo ng

extra farm hand at libre ako ay hahambalang ako doon, Hector. Pangako.”

“Aasahan ko ’yan.”

She was about to say something when her cellphone rang. Halos napasimangot siya dahil nakita niya ang phone number na iyon. She declined the call.

“Bakit ayaw mong sagutin ang tawag?” puna ni Hector.

“Wala ’yon.”

“Ah, isang makulit na manliligaw,” pagko-conclude nito.

Nagbuntong-hininga si Lana at minabuting sabihin dito ang totoo. “Recently ko lang nakilala si Derek sa bahay ni Kring-Kring, isang colleague ko na neighbor niya. Nakakainis nga at nakuha pa niya kay Kring-Kring ang phone number at address ko. Binata naman siya pero ayokong isipin niya na puwedeng maging kami. Naklaro ko na ito sa kanya right away, pero nangungulit pa rin siya hanggang ngayon.”

“Ang bilis mo palang binasted ’yong tao. Bakit? Ano’ng problema sa kanya?”

“Wala—he’s nice and presentable. Ayoko lang na mabigyan ko siya o ang kahit na sino ng false hope. Na aksayahin ang oras at effort ng iba. Hindi ko pa rin kasi ma-imagine ang sarili ko na may love life ulit. Wala akong maramdamang ‘need’ para d’on,” matapat na paliwanag niya sa kaibigan.

“Ayaw mong magpaligaw; sinasadya mo palang umiwas sa mga lalaking tulad niya kaya wala kang boyfriend. Ang akala ko ay nagkataon lang. Sino ba ang nagbigay sa iyo ng ganyang trauma? Siguro’y mayroong nang-two-time sa iyo, ano?”

“Wala, ah. Never kong na-experience ’yan. Basta, as long as nandiyan sina Terence at Sachi ay okay na ako.” Nagbuntong-hininga siya. “N’ong nandito pa sina Ate at Kuya Oliver, alam kong mahal ko ang mga pamangkin natin, Hector. Pero mas lalo ko silang natutuhang pahalagahan nang maulila sila. Sa totoo lang, kung wala ang dalawang batang ’yan n’ong mamatay ang mga magulang nila ay baka natapos na rin ang buhay ko. Sila ang primary reason kung bakit naniwala ako na maganda pa rin ang buhay sa kabila ng lahat ng nangyari. Na masarap pa ring mabuhay. Kaya kung sakaling kakailanganin ko ngang maging old maid para mas maalagaan ko sila ay maluwag ko iyong tatanggapin.”

“Sira. Hindi mo kakailanganin ’yan. Hindi ka dapat maging ganyan ka-tight sa sarili mo,” seryosong anang katabi.

“Pero hindi lahat ay papabor sa sitwasyon ko— para akong isang dalagang ina. Paano kung maling lalaki ang mapili ko? Tiyak na pati sina Sachi at Terence ay maaapektuhan. Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung mangyari iyon.”

“Okay lang na maging cynical ka kahit paano, Lana. Siyempre, kailangan mo ring mag-ingat para sa inyo ng mga bata... But not to the point na liliit ang tiwala mo sa pagiging decision-maker mo at ma-overlook mong mayroon pa ring tamang lalaki na para sa iyo. Isang lalaking mamahalin ka at ang lahat ng mga mahal mo, at hindi ka kailanman bibigyan ng kahit na anong problema between him and the kids.”

“Hay, may bago palang kakampi si Janet. May pagkakaisa kayo sa bagay na ’yan.”

“That’s good. Alam mo, sa mga naririnig ko sa iyo ngayon ay posible ngang tumanda kang dalaga. Pero hindi dapat mangyari ’yon sa iyo—miserable ang ganoong buhay.” He paused. “Terence and Sachi won’t be kids forever. Darating ang araw na magkakar’on sila ng sarili nilang buhay. Paano

ka na sa panahong 'yon kung sakaling hindi ka na magkapabor pa sa love life? Sino ang personal na makakasama mo at mag-aalaga parati sa iyo? I-consider mo din dapat ang sariling future mo, Lana. Hindi ito selfishness. It's everybody's right."

Sinalakay ng pangamba ang kanyang puso. Iyon ang nadarama niya sa tuwing nababanggit ninuman na darating ang araw na magiging adults din ang kanyang mga pamangkin at lilisanin ng mga ito ang kanyang poder. But then again, tumanggi siyang lubusang pag-isipan iyon sa ngayon.

"Ako pa'ng pinagsasabihan mo diyan, eh, ikaw nga 'tong years older pero unattached ka pa rin hanggang ngayon," singhal ni Lana sa binata.

"Pero handa na akong maging family man. Hindi katulad mo na wala pang kaplanu-plano sa ganoong buhay." Natigilan si Lana. "O, bakit parang gulat na gulat ka? Weird ba?"

"Pagkatapos ng mga pangit na nangyari sa iyo, buo pa rin ang faith mo sa romantic love, Hector?" usisa niyang huminay ang pananalita. "O baka companionship at fatherhood lang ang hanap mo?"

"Siyempre iba pa rin ang companionate marriage, Lana. I still believe in the positivity of love.

Pero aaminin kong matagal ding nawala sa akin ang ganitong thinking dahil nagkahiwalay kami ng ate mo.”

“Yet, eventually ay nagbalik din ang dating ikaw.”

“Exactly.”

“Ang tagal mong nasa Australia, hindi mo man lang nahanap doon ang magiging bride mo?”

“Well, at some point ay inakala kong natagpuan ko na doon ang babaeng para sa akin, pero hindi pala.”

“Puwede ko bang malaman kung bakit gan'on ang nangyari?” tanong niyang biglang na-curious.

“Hindi na namin naresolba ang magkaibang mga gusto namin sa buhay.”

“Pinay din ba siya?” Tumango ito. “May pagkamasokista ka rin, ano? Sige ka pa rin kasi kahit hindi lang minsan na na-frustrate kang mag-settle down,” pang-aasar niya.

He simply smiled.

“Pero kung iyan ang pinaniniwalaan mong makakapagpasaya sa iyo, ipagpatuloy mo lang,

Hector. Sana nga'y makita mo na ang babaeng para sa iyo."

At kung sino man siya, napakasuwerte niya sa iyo, naisaloob ni Lana.

Ewan niya kung bakit parang nalungkot siya na isiping maaaring malapit nang matagpuan nito ang babaeng pakakasalan nito at imposibleng maging siya iyon.

"Sana nga..." sabi nitong tila lumalim ang titig sa kanyang mga mata.

Nagtatapon ng basura si Lana nang may humimpil na motorsiklo sa tapat ng nakabukas na gate ng bahay niya. Kahit hesitant ay nilapitan niya ang dumating.

"Derek, napadaan ka."

"Kumusta ka na, Lana?"

"I'm good."

"Bakit hindi mo sinagot kahit isa sa mga tawag ko sa iyo habang nagbabakasyon ako sa bahay ng parents ko sa Cebu? Nag-alala ako sa iyo."

Nagbuntong-hininga siya. Ayaw sana niyang

umabot sa ganito ang sitwasyon pero tila hindi ito maiiwasan. “Ang alam ko kasi ay nalinaw ko na sa iyo ang lahat bago ka umalis papuntang Cebu last week.”

“Hindi mo ba talaga ako mabibigyan ng pagkakataon sa puso mo?” Nangungusap ang mga mata nitong nakatingin sa kanya.

“Sa iba mo na ibaling ang pagtingin mo, Derek. Wala akong masasabing hindi maganda sa iyo dahil sa simula pa lang ay naging mabuti ka sa akin. Kaso, talagang wala akong mai-o-offer sa iyo na kahit ano bukod sa pagkakaibigan. Gaya ng nasabi ko na minsan— ayokong umasa ka lang sa wala.”

“Besides, may boyfriend na siya,” sabad ni Janet.

Gulat na napalingon siya sa kanyang best friend na palapit sa kanila.

“May boyfriend ka, Lana? Ang akala ko ba ay—”

“Three days ago lang naging sila, Derek,” singit uli ni Janet bago pa siya makapiyok. “Nandoon nga ngayon sa loob ng bahay niya ang nobyo niya, eh. Gusto mong makilala si Hector Oseña?”

Lalong nabigla si Lana. Pero maagap na napukol siya ni Janet ng tingin na nagsasabing, ‘Sakyan mo

na lang.’

“O, ’ayun siya,” halos tili ni Janet na tumawag kay Hector na palabas ng bahay. “Hector!”

“Yes?” anitong walang muwang na lumapit sa kanila.

“Hector, I’d like you to meet Derek Herman, isang kakilala namin ni Lana.”

“Ikaw pala ang bagong boyfriend ni Lana.” Bakas pa rin sa tinig ni Derek ang kalungkutan nito kahit na tinangka nitong pasiglahin iyon. “Congratulations, pare. Masuwerte ka sa kanya.”

Huling-huli ni Lana ang pagkasorpresa ni Hector pero nagawa nitong tanggapin ang pakikipagkamay ng kapwa lalaki.

“Sige. Maiwan ko na kayo.” Iyon lang at dali-daling sumakay si Derek sa motorsiklo nito, saka mabilis iyong pinatakbo na para bang may multong tinatakan.

Kahit paano ay may simpatya si Lana para kay Derek. Ayaw na ayaw niya na mayroon siyang nabibigo kahit pa hindi niya iyon sinasadya.

Ibig naman niyang mag-disappear nang masalubong niya ang matiim na titig ni Hector.

“May girlfriend na pala ako?” He did not sound mad. Para pa ngang tinutukso siya nito.

“Hector, si Janet ang salarin,” halos mautal na sabi niya. “Siya ang nagsabi kay Derek na boyfriend kita. Siya ang dapat sisihin.”

“Ba’t ba sobra kang defensive, Lana?” Tila pagtatawanan siya ni Janet.

“Talaga namang idea mo ’yon, eh,” aniya.

“Hector,” anitong bumaling sa binata, “pasensya ka na sa nagawa ko, ha? Pero wala akong masamang hangarin. Naisip ko lang na mas makakabuting maniwala si Derek na may boyfriend na si Lana para tuluyan na nitong matanggap na wala itong maaasahan sa kanya. Otherwise, tiyak na babalik pa ’yon dito at patuloy na mangungulit.” Sa kanya uli ito tumingin. “Gusto mong lubayan ka na niya, hindi ba?”

“Oo nga. Pero hindi ka na dapat nagsinungaling.” Ang totoo, acceptable para sa kanya ang punto ni Janet pero hiyang-hiya pa rin siya sa binata.

“Lana,” ani Hector na sandaling humawak sa kanyang balikat, “I take the point.”

“Nakita mo na, best friend? Walang problema,”

sabad muli ng pilyang kaibigan niya. “Ngayon, nasa sa inyo na lang ’yan kung tototohanin ninyo ang palabas na ’yon. Pero bakit nga ba hindi kung—”

“Janet!” palahaw niya habang pinandidilatan ito.

Natawa ang kanyang best friend. “Ay, napipikon na ang lolah ko. Nag-o-overreact.”

“Ang bruhang ’to.” Lana turned to him again. “Don’t mind her, Hector. Wala lang magawa ’yan.”

Tawa pa rin nang tawa si Janet. Iyon ang disadvantage na nalaman pa nitong si Hector Oseña ang kanyang first love—hindi nito makontrol na itukso-tukso siya sa binata. Pakiramdam tuloy niya ay hindi na gaanong safe ang malaking sekreto niyang iyon.

Kumilos si Lana papasok ng bakuran. Dahil sa nadaramang tensyon ay naging inattentive siya sa nilalakaran niya. Biglang humampas ang kanyang paa sa gilid ng isang baitang na patungo sa doorstep. Napatili siya. Kung tuluyan siyang nawalan ng balanse ay tiyak na siya ay masusubsob.

“Lana!” Mabilis na dumalo sa kanya si Hector. Tumangan ito sa kanyang mga bisig.

Ngunit ang pinakasiste, sa pag-angat ni Lana ng kanyang mukha para tingalain ito ay dumaplis ang kanyang ilong sa dulo ng matangos ding ilong nito. Kaunting-kaunti na lang ay magdidikit na ang kanilang mga labi.

Iba ang pagtahip ngayon ng kanyang dibdib. Napaatras siya.

Halata sa hitsura nitong nagulat din ito sa nangyari. Pero nauna pa rin itong magsalita.

“Mag-iingat ka nga,” banayad na puna nito at saka tumingin sa kanyang mga paa. “Mayr’on bang masakit?”

Masarap sa pakiramdam niya na makita ang concern nito.

“W-wala ito.” Para siyang yelong natutunaw nang masulyapan ang pagkakilig ni Janet sa isang sulok habang nakamasid ito sa kanila. “P-papasok na ’ko.”

Dali-daling tumuloy siya sa loob ng bahay kahit may munting sakit na nararamdaman sa bahagi ng kanyang kanang paa.

5

“Tita, somebody’s calling,” sabi ni Sachi na tumatakbo palapit sa kanya.

She just had a shower. “Thank you, sweetie,” aniyang inabot mula rito ang kanyang cellphone. Isang colleague niya ang tumatawag.

Habang nakikipag-usap siya sa telepono ay hinayaan niya lang ang bata na yakapin siya. Lumambi-lambitin pa ito sa kanyang baywang. Mayamaya, dahil sa harot nito ay nahila nito ang harap ng kanyang roba kaya lumantad ang itaas na bahagi ng kanyang malusog na dibdib at malalim na cleavage.

Bale-wala lang sana iyon sa kanya kung hindi biglang sumulpot sa tapat ng bahagyang nakabukas na pinto si Hector. Kasama nito si Terence na nakatuon ang pansin sa tangan na yoyo. Gayon na lang ang pag-iba ng kanyang temperatura at halos matulirong inayos niya ang kanyang suot.

“Oh, s-sorry,” waring namaos na sabi nitong agad na nag-iwas ng tingin.

“Tito!” tawag ni Sachi bago pa makatalikod si

Hector. Patakbong kumilos ito palapit sa tiyuhin na agad itong kinarga.

“A-aakyat na muna ako sa ’taas...” aniya, saka iniwan ang tatlo. Habang paalis siya ay nadinig pa niya ang pangungumustahan ng mga ito na para bang kay tagal na hindi nagkita.

Nag-iisa na siya sa kuwarto ay parang nakikita pa rin niya ang brown eyes ni Hector na nakamasid sa kanya. Bakit ba ganoon pa rin kalakas ang epekto sa kanya ng mga tingin nito?

She drew in a deep breath. Itinataboy ang agam-agam sa dibdib na nagbihis na siya. Pagkaraan ay pumanaog siya muli sa unang palapag ng bahay.

Natigilan siya pagkatanaw sa magtitiyo sa kusina. Nakalatag sa counter ang maraming food items na tiyak na mae-enjoy nina Terence at Sachi. In fact, may hawak nang tig-isang bar of chocolate ang mga bata.

Tila naramdaman ni Hector na may tahimik na nakatingin dito. Pag-angat nito ng paningin ay saktong tumama iyon sa kanya.

“Ang akala ko mamaya ka pa dadating. ’Yon ang sabi mo kanina sa phone, eh,” kaswal na untag niya. Palapit siya sa mga ito.

“Hindi natuloy ’yong appointment ko sa Manila, Lana. Dito na ako dumerecho. By the way, sira pala ang knob ng back door,” anitong sinulyapan ang tinutukoy. “Pati electric fan dito sa kitchen.”

“Ah, oo, kagabi lang.”

“Papakialaman ko, ha?” boluntaryo nito.

“Ikaw ang bahala.”

“Gagawin mo po ’yong doorknob, saka electric fan, Tito?” paniniyak ni Terence.

“Oo, madali lang ’yon.”

“Tito, magkano po labor? Pag nagpapagawa si Tita ng appliance, may bayad, eh,” paulal-utal na inosenteng tanong ni Sachi.

“Kahit kiss mo na lang, bunso.” Inginuso nito ang mga labi.

Napabungisngis ang magkapatid, lalo na si Sachi. Gumitaw naman ang pagkatamis-tamis na ngiti ni Lana.

Palinga-linga si Lana sa paligid ng farm habang naglilibot siya kasama si Hector at ang dalawang pamangkin.

Halatang napabayaang ng dating may-ari ang lugar kaya naman sinisimulan na agad na ipaayos iyon ng binata, kasama na ang two-storey farmhouse. Sa nakikita niyang resolve nito, alam niyang in good time ay magiging maayos ang patakbo nito roon. Excited siya para sa binata.

Takbo rito at takbo roon ang ginawa ng dalawang bata. Obviously, ang mga ito ang pinakanag-enjoy sa lahat. Mabuti at nakikisama ang panahon. Hindi kainitan ang araw.

“Such a pleasant place, Hector,” aniya pagkahinto nila sa ilalim ng isang punong mangga. The kids were still playing nearby.

“I’m glad you’ll never die of boredom here, Lana. Matagal ko nang alam na may favor ka sa farming.”

“Correct ka diyan.”

“Pero kahit saan ka naman dalhin ay okay ka, eh. You’ve got an eye for everything. Oh, apart from love life.”

Napangiti siya. “Nalito yata ako, ah. Compliment ba ’yan o pang-iinis?”

Natawa rin ito. “The former, of course.”

“Good.”

Sandaling namagitan ang katahimikan sa pagitan nila. Mayamaya, “Lana, dapat ay katulad mo ang sinumang magiging bride ko, hindi ba?”

“A-ano?” aniyang nagulat.

“O, bakit? May nabanggit ba ako na mali? Sinabi ko lang na katulad mo dahil appreciative ka sa ganitong lugar, nagkakasundo tayo sa maraming bagay. Hindi ko sinabing ikaw mismo.”

“Sabi ko nga.” Medyo napahiya siya.

“Did I sound overly defensive?” he joked. Napangiti siya. “Kanina, napansin kong parang may iba sa reaksyon mo nang ipakilala kita kay Mang Sixto.” Isa sa mga farm hand doon ang naturang matanda.

“Ah, ’yon?” aniya. “Gusto mo talagang malaman kung bakit?”

“I do.”

“May naalala lang ako. ’Yong guy na first love ni Ate n’ong teenager pa siya. Mestizo, mayaman, hirap mag-Tagalog at Scott ang pakilala niya sa sarili niya. Napahagalpak ako ng tawa nang malaman kong sa lakas ng appeal niyang ’yon ay Sixto Bulwagan, Jr. pala ang real name niya. Nakita ko ’yon mismo

sa school ID card niya.” Napabungisngis siya sa alaalang iyon. “Naalala ko siya kasi kapangalan ni Mang Sixto. I’m sure nabanggit ko na sa iyo dati ang kumag na ’yon.”

“Ah, oo. At si Kuya Oliver naman ang pangalawa at huling lalaking minahal ng ate mo.”

Nabigla siya. “A-alam mo...?”

“I know she’d never loved me, Lana.”

Halos mandilat ang kanyang mga mata. “P-pero paano mo nalaman? Sa pagkakaalam ko ay hindi nabigyan si Ate ng pagkakataon na magpaliwanag sa iyo. Dahil hindi ka na niya nakita at nakausap ulit mula n’ong umalis ka sa resort.”

“Hindi pa kami engaged at hindi pa niya nami-meet si Kuya Oliver, ay matindi na ang hinala kong hindi pareho ang intensity ng pagtitinginan namin. Naging mas malinaw sa akin iyon nang malaman ko ang lihim nilang relasyon ni Kuya. Kung espesyal ako sa kanya ay hindi niya papayagan iyon.”

“Pero hindi mo inungkat sa kanya kailanman ang hinala mong ’yan?” paniniyak niya.

Tumango ito. “I just chose to be hopeful.”

“Kung ganoon ay kinunsinti mo ang kalokohan ni

Ate bago pa man niya nakilala ang kapatid mo.”

“Kahit paano ay may mali rin talaga ako, Lana. I was a big fool then and selfish. Pero matagal din bago ko ito natanggap. At isa ito sa naging mga rason kung bakit nagawa ko ring magpatawad, eventually.”

Bumuntong-hininga si Lana. “Hindi ako dapat maging judgmental sa iyo, Hector. Totoong nakakatakot mawalan ng minamahal kaya nagkakaroon ng tendency ang tao na maging unreasonable kung minsan, katulad ng nangyari sa iyo.”

“Ikaw, ilang beses mo na kayang dinanas ang ganoong fear? Just romantically.” He looked more interested.

“Minsan lang.” Sinadya niyang pakaswalin ang tono.

“So isang beses ka pa lang pala nagmahal. Sa huli mong naging boyfriend?”

Hindi. Sa iyo... naisaloob niya.

Malabong isatinig niya iyon dahil buo pa rin ang paniniwala niyang hindi dapat malaman ni Hector na dati ay naging napakaespesyal nito sa kanya.

Wala siyang makita na magandang maidudulot kung mari-reveal iyon. Baka nga makaapekto pa sa samahan nila ngayon. Besides, the feeling was all gone.

Pero ganap na nga bang namatay ang pagtinging iyon sa kanyang puso? Paano kung mali pala ang kanyang akala?

Dammit, Lana. Umayos ka, kastigo niya sa sarili. Matagal nang nawala sa iyo ang love na 'yon. Ito lang ang paniwalaan mo.

“Lana?” untag ni Hector nang matagal na hindi siya sumagot.

“Ah...” Bahagyang natuliro siya. “Hindi dapat sabihing huli dahil walang nauna kay Arthur, Hector. Siya lang ang naging boyfriend ko, eh. Pero, oo, first love ko 'yon at hindi na nasundan.” Muntik siyang napangiwi. Ayaw na ayaw niyang magsinungaling dito pero napasubo na siya. Anyway, mabuti ngang ang ex- na lang niyang si Arthur ang isipin nitong natatanging inibig niya para hindi kailanman sumagi sa isip nito ang ikinukubli niyang katotohanan.

“Ang malas niyang pinakawalan ka pa niya.”

Bahagya siyang napangiti. “That’s supposed to make me feel better. Thanks.”

Nginitian siya nito. “Siyanga pala, may aaminin ako sa iyo,” sabi nitong nag-iba ang tono.

“H-hindi totoong single kapa?” tila kinakabahang tanong niya.

“Totoo ’yon.”

“Ah, mayr’on ka nang anak?” Banayad na umiling lang ito. “Bakla ka na?” usisa pa niya.

Muntik na itong natawa. “No way.”

“Eh, ano?”

“Alam mo bang habang nasa malayo ako ay may mga pagkakataong na-miss talaga kita?”

Sansaglit siyang natigilan; labis na nagagalak sa narinig mula rito. “Bangag ka ba? Ano’ng tinira mo kanina?” biro niya.

Napabunghalit ng tawa si Hector. “Mukha ba akong addict?”

“Aba, malay ko.”

“Seryoso po ako,” anito, “Ikaw?”

“Anong ako?”

“Na-miss mo ba ’ko?” mahinang tanong nito.

“At bakit? Hello.” Ngali-ngali pang tumirik ang kanyang mga mata sa pang-aasar dito.

Parang nagtalo ang isip ni Hector kung maa-amuse o maiinis sa sagot niya. Pagkaraan ay umarte itong nasaktan. “Ouch.”

She grinned. “Sira. Hindi mo ba alam na missable din ang nuisance na katulad mo?”

“Nuisance pala, ah.” Itinaas nito ang kamay para abutin ang kanyang batok.

Napapangiting maagap na nakaiwas si Lana. So natatandaan pa pala nito na malakas ang kiliti niya roon.

Biglang humihip ang may kalakasang hangin. Bumagsak sa mukha ni Lana ang mga hibla ng kanyang buhok pero bago pa niya iyon mahawi ay naunahan siya ni Hector. Natigilan siya. Na-tense pa siya sa pagkakataong sumayad ang mga daliri nito sa kanyang pisngi at tainga.

Kung alam mo lang kung gaano kita na-miss, Hector, sa loob-loob niya habang nakamasid dito. Walang araw na nawala ka sa isip ko mula nang lumayo ka.

Sa sandaling salubungin ulit nito ang kanyang

mga mata ay naging mailap na ang paningin niya rito. He then stepped back.

“Tito, Tita, dragonfly, o,” nakangiting tawag ni Sachi na nakaturo sa tinutukoy. “Cute siya.”

Kusang hinuli ni Hector ang makulay na tutubi para malapitang mapagmasdan nina Sachi at Terence. Pero pagkatapos ay pinakawalan din nito iyon.

Lumabas ng bahay si Hector para asikasuhin ang ilang bagay sa bukid samantalang naiwan si Lana at ang inaantok nang mga bata sa master’s bedroom. Ang binata ang nag-insist na roon sila magpahinga dahil iyon ang pinakapreskong kuwarto sa farmhouse.

Pero kahit hindi nila ito kasama roon ay parang nandoon pa rin ang malakas na presensya nito. Kaya marahil bigla na lang umatake ang kanyang kapilyahan—naglaro sa kanyang isip na naroon ito sa mismong malaking kama nito.

Ano kaya ang pakiramdam ng kapiling ito sa pagtulog? Nang nakakulong sa matitipunong bisig nito? Iisipin pa lang niya iyon ay para na siyang nagsu-swoon. Gayon na lang ang pagbigat ng

kanyang paghinga. Paano pa kaya kung totohanan na iyong nangyayari?

Hay, langit siguro ang makasama siya sa isang kama, naisip ni Lana.

Muntik niyang nabatukan at namura ang sarili. Nababaliw na ba siya?

Grabe ka, Lana. Kilabutan ka nga. He's your friend, right? At ganito lang kayo lagi habambuhay, sagot ng isang sulok ng isip niya na parang nagdulot sa kanya ng malaking lumbay.

Malamang abut-abot na pang-aasar ang matitikman niya kay Hector kung malalaman nito ang naging laman ng imahinasyon niya. And worse, posible ring ma-offend ito.

Tama bang pagnasaan niya ito? Napapailing na nagbuntong-hininga siya.

Nang tulog na sa kama sina Sachi at Terence ay pumuwesto siya sa couch sa isang gilid ng silid. Nagbasa siya ng magazine. Mayamaya lang ay pumikit siya dahil nasabik siyang alalahanin ang masasayang oras na lumipas. Ilang ulit siyang parang sira na napangiti. At saka siya tuluyang naging unconscious.